




| GRADES 1 to 12 DAILY LESSON LOG | School: | | Grade Level: | II |
|---|---|---|---|---|
| | Teacher: | | Learning Area: | FILIPINO |
| | Teaching Dates and Time: | WEEK 1 | Quarter: | 4TH Quarter |







| | MONDAY | TUESDAY | WEDNESDAY | THURSDAY | FRIDAY |
|---|---|---|---|---|---|
| **LAYUNIN** | Natutukoy ang mga damdaming ipinahihiwatig sa tekstong binasa<br>Nauunawaan na may mga salitang magkasingkahulugan at magkasalungat sa kahulugan<br>Naipaliliwanag sa sariling pananalita ang mga natutuhan sa akdang binasa | Naiguguhit ang mensahe/kaisipan ng tekstong binasa<br>Natutukoy ang mga salitang may maling baybay sa isang pangungusap | Nagagamit nang wasto ang pang-ukol na ng<br>Natutukoy ang kahalagahan ng paggamit ng malaking letra sa isang salita o pangungusap<br>Nakasusulat ng angkop na caption sa mga larawan | Nakabubuo ng mga payak na pangungusap tungkol sa isang bagay, o larawan | Nasasagot nang wasto ang mga inihandang katanungan<br>Nakasusunod nang maayos sa mga panuto |
| **Pamantayang Pangnilalaman** | Naisasagawa ang mapanuring pagbasa upang mapalawak ang talasalitaan | Nagkakaroon ng papaunlad na kasanayan sa wasto at maayos na pagsulat | Naipamamalas ang kakayahan at tatas sa pagsasalita at pagpapahayag ng sariling ideya, kaisipan, karanasan at damdamin | Naipamamalas ang kamalayan sa mga bahagi ng aklat at kung paano ang ugnayan ng simbolo at wika | |
| **Pamantayan sa Pagganap** | F2TA-0a-j-3 Nababasa ang usapan, tula, talata, kuwento nang may tamang bilis, diin, tono, antala at ekspresyon | F2TA-0a-j-4 Nakasusulat nang may wastong baybay, bantas at mekaniks ng pagsulat | F2TA-0a-j-2<br>Naipahahayag ang ideya/kaisipan/damdamin/reaksyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala at intonasyon | F2TA-0a-j-3 Nababasa ang usapan, tula, talata, kuwento nang may tamang bilis, diin, tono, antala at ekspresyon | |
| **Mga Kasanayan sa Pagkatuto. Isulat ang code ng bawat kasanayan** | F2PT-IVa-d-1.9 Nakakagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang nagbibigayng ka hulugahan (pagbibigay ng halimbawa) | F2KM-IVa-2.4 Naisusulat nang may wastong baybay at bantas ang liham na ididikta ng guro | F2WG-IVa-c-1<br>Nagagamit ang magalang na pananalita sa angkop na sitwasyon pagtatanong ng lokasyon ng lugar | F2AL-IVe-g-13<br>Natutukoy kung paano nagsisiumula at nagtatapos ang isang pangungusap/ talata | |
| **NILALAMAN** | **Magkasingkahulugan at Magkasalungat na mga Salita** | **Pagbibigay ng Kaisipan ng Tekstong Binasa** | **Paggamit ng Pang-ukol na ng** | **Pagbuo ng Payak na Pangungusap** | |
| **KAGAMITANG PANTURO** | C.G Grade 2 sa Filipino pahina 31-33 | C.G Grade 2 sa Filipino pahina 31-33 | C.G Grade 2 sa Filipino pahina 31-33 | C.G Grade 2 sa Filipino pahina 31-33 | |


| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **Sanggunian** | | | | | |
| **Mga pahina sa Gabay ng Guro** | 140-141 | 141-142 | 142-143 | 143-144 | 144 |
| **Mga pahina sa Kagami-tang Pang Mag-aaral** | LM in Filipino Yunit 3 pahina 378-381,soft copy | LM in Filipino Yunit 2 pahina381-384,soft copy | LM in Filipino Yunit 2 pahina 385-387, soft copy | LM in Filipino Yunit 2 pahina 388-389, soft copy | |
| **Mga pahina sa Teksbuk** | | | | | |
| | | | | | |
| **Karagdagang Kagamitan mula sa portal ng Learning Resource** | larawan ng iba't ibang damdamin, batang tumutulong sa matanda | | larawan na nagpapakita ng pagtulong sa kapwa | larawan ng magkapatid na nagtutulungan | |
| **Iba pang Kagamitang Panturo** | laptap | laptap | laptap | laptap | |
| **PAMAMARAAN** | | | | | |
| **Balik-aral sa nakaraangaralin at / o pagsisimula ng bagong aralin** | Paunang Pagtataya<br>Pasagutan ang "Subukin Natin" sa LM pahina378 ( soft copy),<br><br>Sabihin kung ng o nang ang angkop sa bawat pangungusap.<br>1. Ang mga ibon ay kumakain ______ uod.<br>2. Nilipad _______ hangin ang mga papel.<br>3. Malakas kumain _______ saging ang unggoy.<br>4. Bumili kami _______ mababangong bulaklak.<br>5. Tanghali na _______ sila ay gumising. | Ipagawaang Tukoy Alam sa T.G pahina 141<br>Ipabasa ang ilang mga pangungusap na may mga salitang may maling baybay.<br>Ipatukoy sa mga bata ang mga mali sa bawat pangungusap.<br>Ipatama ang mga ito. | Ipagawa ang Tukoy Alam sa T.G pahina 142<br>Magpakita ng ilang mga larawan ng pagtulong sa kapwa.<br>Pag-usapan ito.<br>Pabigyan ito ng caption.<br>(Ipaliwanag kung ano ang caption) | Ipagawa ang Tukoy-alam sa TG pahina 143<br>Paglalarawan ng mga bata ng kanilang sariling gamit. | Ipaliwanag ang mga panuto para sa pagsusulit.<br>Ipahanda ang mga kagamitang gagamitin<br>A. Ibigay ang angkop na pang-ukol.<br>1. Huwag tayong laging kumain _____ taba ng karne upang makaiwas sa sakit.<br>2. Inanod ____ tubig-baha ang aming mga kagamitan.<br>3. Pagtitipid _____ kuryente ay dapat nating ugaliin.<br>4. Sanayin din natin na kumain _____ mga sariwang gulay.<br>5. Ang magandang ugali _____ tao ay isang kayamanan. |


| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **Paghahabi sa layunin ng aralin** | Tukoy-Alam<br>Gumuhit ng isang mukha at ipakita dito ang nararamdaman<br>Bakit ganito ang iyong pakiramdam?<br>Paglalahad<br>Nakasaksi ka na ba ng isang aksidente?<br>Ano ang naramdaman sa pangyayaring ito?<br>Pagpapayaman ng Talasalitaan<br>Ipabasa nang malakas ang pangkat ng mga salita mula sa komiks strip.<br>Pag-aralan ang mga salitang magkakasing kahulugan at magkasalungat ang kahulugan.<br><u>Magkasingkahulugan</u><br>Panginoon-Diyos<br>banggaan-aksidente<br>dasal-dalangin<br>nasawi-namatay<br><br><u>Magkasalungat na kahulugan</u><br>natutuwa-nalulungkot<br>natatakot-mahinahon<br>matalino-mangmang | Paglalahad<br>Nakaranas ka na ban a tumulong ka kapwa?<br>Sa paanong paraan? Pag-usapan ito sa klase.<br>Ano ang pakiramdam mo pagkatapos mong tumulong sa kapwa?<br>Pagpapayaman ng Talasalitaan<br>A. Basahin at pag-aralan ang mga salitang magkasingkahulugan mula sa binasa.<br>matutuhan malaman, maintindihan,maunawaan<br>pag-ibig pagmamahal, pag-irog<br>lingapin alagaan, kalingain, asikasuhin<br>kaalit kaaway, kagalit, kaibayo, kalaban<br>naghihikahos naghihirap, nagdarahop<br>B. Mula sa mga salitang magkakasingkahulugan sa itaas, ibigay ang mga<br>salitang kasalungat nito at gamitin sa sariling pangungusap.<br>matutuhan lingapin<br>naghihikahos kagalit<br>pag-ibig | Paglalahad<br>Ano ang gagawin mo kung walang dalang pagkain ang isa sa iyong kaklase? | Paglalahad<br>Hatiin ang klase sa ilang pangkat.<br>Bigyan ang bawat pangkat ng isang puzzle upang buuin.<br>Pagpapakita ng natapos na gawain.<br>Paano ito nabuo nang mabilis? | B. Lagayan ng tsek (√) ang pahayag na angkop sa larawan.<br>6.  ___ maputi at mabangong mga bulaklak<br>___ nalalantang mga bulaklak<br>___ panregalong bulaklak<br>7.  ___ nagkakaisa at masayang pamilya<br>___ nag-aaway-away na pamilya<br>___ madasaling pamilya<br>8.  ___ lumang aklat<br>___ manipis na aklat<br>___ makakapal na aklat |
| **Pag-uugnay ng mga halimbawa sa bagong aralin** | Babasahin "Magtiwala sa Panginoon" sa pahina na 378 (soft copy)<br>Von: Itay! May aksidente po sa kanto. Marami pong |  **Basahin Natin** sa pahina 382 sa LM<br>**Halinang Gumawa ng Bagay na Mabuti** |  **Basahin Natin** |  **Basahin Natin** sa pahina 388 sa LM | C. Basahin ang teksto at piliin ang kaisipan nito.<br>Matalinong bata si Nelia, pero sa panlalamang sa kapwa niya |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | nadamay at kasama si Betsy. Nakakatakot!<br>Tatay: Naku! Huminahon ka, anak, ganyan talaga ang buhay, kaya dapat lagi tayong magdasal at magtiwala sa Panginoon.<br>Von: Alam n'yo po, 'Tay, galit na galit si Mang Ambo sa pagkakadamay ni Betsy.<br>Tatay: Nakapanlulumo, matalinong bata pa naman si Betsy. Halika, ipagdasal natin siya at ang iba pang nadamay. | Nakagawa ka na ba ng kabutihan sa kapwa?<br>Ang paggawa ng bagay na mabuti sa kapwa ay katumbas ng pag-ibig sa Lumikha.<br>Tumingin sa paligid at makikita mo na maraming nangangailangan ng iyong pagtulong at pagkalinga.<br>Masasabi ba natin na iniibig natin ang Lumikha kung ang ating kapwa ay hindi naman natin pinagmamalasakitan?<br>Ang paggawa ng kabutihan sa kapwa ay pagpapakita ng pagmamahal sa Lumikha.<br>Pero paano natin ito magagawa? Kapag sila ay nagugutom, bigyan natin sila ng pagkain. Kapag nauuhaw, sila ay ating painumin.<br>Ang pagtulong at pagkalinga sa kapwa ay hindi dapat naghihintay ng kabayaran o kapalit. Sapat na nakatulong tayo at napasaya ang Lumikha na nasa kapwa rin natin. | Basahing muli ang tekstong "Halinang Gumawa ng Bagay na Mabuti." | **Huwarang Magkapatid**<br>Ang magkapatid na Alice at Luis ay huwarang mga bata. May oras sila sa paglalaro, pag-aaral, at sa pagtulong sa mga magulang. Tumutulong muna sila sa mga gawaing bahay bago maglaro. Sa gabi naman ay nag-aaral muna sila bago manood ng telebisyon. Dahil dito, ang kanilang mga magulang ay natutuwa sa kanila. | ginagamit ang talinong taglay. Pinagalitan siya ng kaniyang guro at<br>magulang dahil sa hindi maganda niyang ginagawa. Sadyang matigas ang ulo ni Nelia. Hindi niya sinusunod ang mga payo sa kanya, kaya marami ang nagagalit sa kanya. Walang<br>nagmamahal kay Nelia.<br>Isang gabi, nanaginip siya na siya raw ay nakakulong sa isang nag-aapoy na lugar dahil sa kaniyang masamang gawain. Nagising si<br>Nelia at ipinangako niya sa sarili na magbabago na siya.<br>____ Maglinis palagi ng ating kapaligiran.<br>____ Gamitin sa tama ang katalinuhan.<br>____ Igalang ang mga magulang.<br>____ Magdasal sa tuwi-tuwina.<br>____ Laging makiisa sa paggawa ng mabuti. |
| **Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #1** | Talakayin ang kuwento. Pasagutan ang Sagutin Natin sa LM pahina379<br><br><br>1.Ano ang pinag-uusapan ng mag-ama?<br>2. Ano ang ginawa nila?<br>3. Bakit nila ipinagdasal ang mga naaksidente?<br>4.Tama ba ang ginawa nila?<br>5. Ano ang damdamin nila para kay Betsy?<br>6.Ano-anong damdamin ang nasa usapan? | <br><br>sa pahina 382sa LM<br>1. Sino ang dapat mahalin at pagmalasakitan?<br>2. Bakit dapat natin itong gawin?<br>3. Paano natin matutulungan ang ating kapwa?<br>4. Sino ang matutuwa sa paggawa natin ng kabutihan sa kapwa?<br>5.Sino ba ang iyong kapwa? | <br><br>pahina 384 sa LM,<br>1. Anong salita ang ginamit sa pag-uugnay ng mga salita sa teksto?<br>2. Ano ang pinag-uugnay nito?<br>3. Kailan ginagamit ang ng?<br>4. Kailan ginagamit ang malalaking letra? | <br><br>pahina 388 sa LM<br>Sagutin ang mga tanong.<br>1.Bakit sinabi na huwarang bata ang magkapatid?<br>2. Ano-anong katangian ng magkapatid ang dapat na tularan?<br>3. Ano ang napansin mo sa mga pangungusap sa seleksiyon?<br>4. Ano ang payak na pangungusap? Ang | D. Isulat sa loob ng speech balloon ang natutunan mo sa binsang teksto<br> |


| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #2** | Pahalagahan Natin<br>Ang pagdarasal para sa kapakanan ng kapwa ay isang mabuting gawain. | Pahalagahan Natin<br>Ang paggawa ng kabutihan sa kapwa ay pagpapakita ng pagmamahal sa Lumikha. | Pahalagahan Natin<br>Ang pagtulong at pagkalinga sa kapwa ay hindi dapat naghihintay ng kabayaran o kapalit. | Pahalagahan Natin<br>Ang mabuting bata ay kayamanan ng mga magulang. | E. Isulat ang = kung ang mga salitang magkatapat ay magkasingkahulugan<br>at x kung magkasalungat.<br>_____ 11. masinop-burara<br>_____ 12. masigla-malungkot<br>_____ 13. maganda-marikit<br>_____ 14. mabuti-masama<br>_____ 15. mahal-iniibig |
| | | | | | F. Sipiin ang liham ni Connie para sa kaniyang Tita Beth.<br>Isulat nang wasto<br>ang mga makikitang pagkakamali dio.<br>mawhal kung Teta bibeth,<br>Komosta ka na Tita? Mabute namam kami dito sa<br>Filipinas sa tulong ng dios. Sna nsa mabote kang<br>kalagayan tita. Sana omuwe k na mula sa amerika.<br>Namimis ka na naming.<br>Gnamamahal,<br>conie |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **Paglinang sa kabihasaan**<br>**( Leads to Formative Assessment )** | Isagawa ang Gawin Natin sa LM sa pahina 379<br>Gawin Natin<br>Anong damdamin ang ipinakikita ng sumusunod na larawan sa Hanay A? Piliin ang letra ng sagot sa Hanay B.<br>1.<br><br>2.<br><br>3.<br><br>4.<br><br>A. nagagalit<br>B. natatakot<br>C. nagtataka<br>D. natutuwa<br>E. nalulungkot | Isagawa ang Gawin Natin sa LM sa pahina 383<br>Ano-ano ang kaisipang natutuhan mo sa binasang teksto? | Ipagawa ang Gawin Natin sa LM, pahina385-386<br>Punan ng wastong pang-ukol ang patlang. Tukuyin kung ano ang salitang inuugnay nito.<br>1. Nakalikom kami ____ maraming basura para sa Ecosavers Program ng paaralan.<br>2. Nasanay na akong maglakad _____ dalawang kilometro tuwing araw ng Sabado.<br>3. Umupa kami ____ computer para sa proyekto ng aking kapatid na bunso.<br>4. Ang paglalakad ay mabuting uri _____ ehersisyo sa katawan ng tao.<br>5. Ang labis na panonood _____ telebisyon ay nakasasama sa kalusugan | Ipagawa ang Gawin Natin sa LM, pahina 388<br>Gawin Natin<br>Bumuo ng mga payak na pangungusap mula sa mga larawan. Isulat ang sagot sa kuwaderno.<br>1.<br><br>2.<br> | G. Sumulat ng caption para sa bawat larawan.<br>  |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **G.Paglalapat ng aralin sa pang araw-araw na buhay** | Pangkatin ang mga bata. Ipagawa  ang Sanayin Natin sa LM pahina380<br><br><br>A.Tukuyin ang kasalungat ng ipinapakita sa bawat larawan. Piliin ang sagot sa loob ng kahon.<br>naglalakad<br>sumisigaw<br>sumasayaw<br>nagtatanim<br>nagdarasal<br>1.<br><br>2.<br><br>B. Ipakita sa klase ang damdamin na nadarama sa sumusunod na sitwasyon.<br>1. Nabigla si Lorena nang malamang nanalo<br>siya sa patimpalak sa kagandahan.<br>2. Matinding paghanga ang naramdaman ni Rita sa magaling niyang guro.<br>3. Naiinip si Lito sa tagal ng paghihintay sa kaniyang ama. | Pangkatin ang mga bata. Ipagawa  ang Sanayin Natin sa LM pahina 383-384<br><br><br>B. Sipiin at iwasto ang mga salitang may maling baybay.<br>Ang mga bata ay dapat tinuturruan ng kanilang mga magulang ng pigawa ng mabuti sa kapwa. May kassabehan tayo na "kung anu ang puno ay siya ring bunga." Kiya, kung mabote ang magolang, dapat mabuti rin ang ginagawa ng kanilang mga anak. Eng paggging mabuteng mga bata ay nagsisimola sa pattuturu ng mga magolang.<br>C. Iguhit ang sinasabi ng katagang ito.<br>"Gawain ng magulang na alagaan ang anak at gawain naman ng anak na igalang<br>ang mga magulang." | Sanayin Natin sa LM sa pahina 386<br><br><br>Isulat nang wasto ang mga salitang mali ang pagkakasulat sa bawat pangungusap.<br>1. ang hangin ay dumudumi dala ng polusyon sa ating paligid.<br>2. dumalaw si Pangulong benigno aquino III sa mga nasalanta ng bagyo.<br>3. Ang pagiging Makakalikasan ay tanda ng pagmamalasakit sa ating kapwa at kapaligiran.<br>4. disiplina ang kailangan upang umunlad ang pilipinas.<br>5. Bawat Tao ay may<br>kani-kaniyang pagpapahalaga. | Sanayin Natin sa LM sa pahina 388<br><br><br>A.Sa isang payak na pangungusap, ilarawan ang isang bagay na makikita sa iyong kapaligiran.<br>B. Bumuo ng isang payak na pangungusap gamit ang mga larawan sa ibaba.<br><br> | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | 4. Nalungkot si Vicky sa pagkamatay ng kaniyang lola.<br>5. Nanghinayang ang magkapatid na Ben at Pat dahil nahulog ang kanilang baon sa kanal.<br>C. Ano ang ipinahihiwatig ng bawat larawan?<br>1.<br><br>2.<br><br>3.<br><br>4.<br> | | | | |
| | | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **H.Paglalahat ng Aralin** | Ipabasa ang Tandaan Natinsa pahina 381<br>Tandaan Natin<br>May iba't ibang damdamin tulad ng pagkatuwa, pagkalungkot, pagkagalit, panghihinayang, pagkainis, paghanga, at pagkagulat na maaaring makita sa isang teksto o sa isang pahayag na nabasa o napakinggan.<br>🎬 Upang maibigay ang kasalungat ng isang salita, kailangang alamin muna ang kahulugan ng salitang bibigyan ng pagpapakahulugan. | Basahin ang Ating Tandaan pahina 384<br>Tandaan Natin<br>Ang pagsulat ng mga salita na may wastong baybay ay susi upang higit na maipahayag ang nais na mensahe. Ito rin ang isa sa mga susi sa madaling pagkaunawa ng isang babasahin. | Basahin ang Ating Tandaan pahina386<br>Tandaan Natin<br>Ang pang-ukol na ng ay ginagamit kapag ang salitang sumusunod dito ay isang pangngalan o kaya ay pangngalang-diwa at pang-uri.<br>1. Ang malaking letra ay ginagamit sa pagsisimula ng mga salitang pangngalang pantangi o tiyak na ngalan ng tao, bagay, hayop, lugar, pangyayari, at iba pa. Ginagamit din ito sa simula ng pangungusap. | Basahin ang Ating Tandaan pahina 389<br>Tandaan Natin<br>Ang payak na pangungusap ay nagsasaad ng isang diwa o kaisipan. Ito ay may isang simuno at panaguri | |
| **Pagtataya ng Aralin** | Pasagutan ang Linangin Natin sa LM pahina 381<br>Linangin Natin<br>Hanapin sa pangungusap ang mga salitang kasingkahulugan ng salitang nasa loob ng panaklong.<br>1. (matatayog) Ang mga puno sa bundok ay matataas.<br>2. (nanlumo) Nanghina ang loob ng ama sa pagkamatay ng kaisa-isang anak.<br>3. (magiliw) Ang mga bisita ay masayang tinanggap ng mag-anak.<br>4. (silya) Nilinis ng mga mag-aaral ang kanilang upuan pagkatapos ng baha.<br>5. (maestra) Napakagaling ng aming bagong guro. | Pasagutan ang **Linangin Natin** sa LM pahina 384<br>Linangin Natin<br>Isulat nang may wastong baybay ang tinutukoy sa bawat inilalarawan.<br>1. sinusulatan ng guro sa harap ng klase<br>2. dito nag-aaral ang mga bata<br>3. bahagi ng bahay na ating dinudungawan<br>4. gamit sa bahay kung saan tayo nanonood ng mga palabas<br>5. lugar kung saan namimili ng mga gulay at isda<br>6. tindahan ng mga gamot<br>7. kuwaderno sa Ingles<br>8. dinidilig ng tubig para lumago<br>9. kasingkahulugan ng tali | Pasagutan ang Linangin Natin sa LM pahina387<br>Linangin Natin<br>Gamit ang ng, lagyan ng caption ang mga larawan.<br>1.<br><br>2.<br><br>3. | Pasagutan ang**Linangin Natin** sa LM pahina389 Linangin Natin<br>Gumuhit ng isang larawan na iyong nais. Sumulat ng isang payak na pangungusap tungkol dito.<br>Sulatin Natin<br>Pumili ng isang pangungusap mula sa "Halinang Gumawa ng Bagay na Mabuti" at sipiin ito sa kabit-kabit na paraan. | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | <br>4.<br><br>5.<br> | | |
| **Karagdagang Gawain para sa takdang- aralin at remediation** | | | | | |
| **MGA TALA** | | | | | |
| **PAGNINILAY** | | | | | |
| **Bilang ng mga mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya** | | | | | |
| **Bilang ng mag-aara na nangangailangan ng iba pang gawain para sa remediation** | | | | | |
| **Nakatulong ba remedial? Bilang ng mag-aaral na nakaunawa sa aralin.** | | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **Bilang ng mag-aaral na magpapatuloy sa remediation.** | | | | | |
| **Alin sa mga istratehiyang pagtuturo ang nakatulong ng lubos ?Paano ito nakatulong? Anong suliranin ang aking naranasan na solusyon sa tulong ng aking punong guro at suberbisor?** | | | | | |
| **Anong kagamitang panturo ang aking nadibuho na nais kong ibahagi sa mga kapwa ko guro?** | | | | | |

More sample daily lesson logs at www.teachershq.com